Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

**Tanggapan ng Pansangay**
**na Tagapamanihala**

APR 04 2024

**MEMORANDUM PANSANGAY**

**PAGSUSUMITE NG MGA ABSTRAK NG AKSIYONG PANANALIKSIK SA FILIPINO**

Sa: Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Punong Tagamasid, Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum
Nanunungkulang Punong Tagamasid, *School Governance and Operations Division*
Mga Pampublikong Punong-guro sa Elementarya at Sekondarya
Lahat ng Kinauukulan

1. Kaugnay ng isinagawang Proyektong TuKLaS *(Tumpak na Kaalaman at Lapit Gamit ang Saliksik)* noong Marso 4, 11, 18, 2023 sa SDO-Muntinlupa at gaya ng isinasaad sa Memorandum Pansangay na may petsang Setyembre 18, 2023 at pamagat na *Reiterasyon ng Memorandum Pansangay Blg. 82, s. 2023 Mga Susunod na Hakbang sa Proyektong TuKLaS*, ipinababatid ng tanggapang ito ang pagsusumite ng abstrak ng mga isinagawang aksiyong pananaliksik sa Filipino ngayong Panuruang Taon 2023-2024 na naglalayong malunasan ang mga suliraning panliterasi ng mga mag-aaral mula Baitang 1-12.

2. Ang mga matitipong abstrak ng mga aksiyong pananaliksik ay mapapabilang sa ilulunsad na dyornal ng mga pananaliksik sa Filipino upang magsilbing hanguan ng mga kaugnay na mga pag-aaral at potensyal na adaptasyon ng mga paaralan sa Lungsod ng Muntinlupa.

3. Inaasahan ang pagsusumite ng abstrak ng mga aksiyong pananaliksik sa Filipino *(hard & soft copy)* ng mga mananaliksik sa darating na Abril 22-26, 2024 sa Tanggapan ng Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum at i-*upload* sa link na ito: https://tinyurl.com/3uv5seuc

4. Kalakip nito ang mga Panuntunan sa Pagsulat ng Abstrak ng Pananaliksik sa Filipino para sa inyong sanggunian.

5. Hinihiling ang maagap na pagtalima sa Memorandum na ito.

**EVANGELINE P. LADINES CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng sumusunod na paksa:

LANGUAGE　　LEARNING AREA, FILIPINO　　RESEARCH

JABC / Pagsusumite ng mga Abstrak ng Aksiyong Pananaliksik sa Filipino
116 Abril 2, 2024
UN-2024-116

116

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave, Brgy Tunasan, Muntinlupa City
(02) 805-9935, (02) 805 - 9940
sdomuntinlupa@gmail.com

ISO 9001:2015 Certified No: 18.1519.026

0403045

(Kalakip sa Memorandum Pansangay Blg. _________, s. 2024)

**MGA PANUNTUNAN SA PAGSULAT NG ABSTRAK NG PANANALIKSIK SA FILIPINO**

1. Ang isusulat na abstrak ay dapat na nakasulat sa wikang Filipino, hindi isinalin mula sa ibang wika, hindi mula sa isang publikasyon at orihinal na isinulat ng mananaliksik na guro sa pampublikong paaralan sa Lungsod ng Muntinlupa.

2. Ang paksa ng aksiyong pananaliksik ay tungkol/ kaugnay sa pagpapaunlad ng literasi ng mga mag-aaral mula Baitang 1-12 na ipinatupad ngayong Panuruang Taon 2023-2024.

3. Ang mga inaasahang mananaliksik ay ang mga naging kalahok sa Proyektong TuKLaS *(Tumpak na Kaalaman at Lapit gamit ang Saliksik)*: Pandibisyong Pagsasanay sa Pagsulat ng Aksiyong Pananaliksik sa Filipino na isinagawa noong Marso 4, 11, 18, 2023 sa SDO-Muntinlupa.

4. Ang abstrak ng isang pananaliksik ay isang maikling buod ng kabuuang nilalaman ng saliksik. Ito ay nararapat na buod lamang ng kabuuang pag-aaral tulad ng layunin ng pag-aaral, pamamaraan ng pananaliksik, respondente at instrumentong ginamit sa pagkalap ng datos at estadistikang ginamit, buod ng resulta, kongklusyon at rekomendasyon (De Leon at Abuan, 2021).

5. Ang isusulat na abstrak ay binubuo lamang ng 150 hanggang 250 salita. Magtala ng limang (5) susing salita na kaugnay sa paksa ng pag-aaral.

6. Ang mga inaasahang nilalaman ng isang abstrak ay ang maikling pagtalakay o paglalarawan sa sumusunod na bahagi:

   (a) Paksa o Pamagat ng Pag-aaral
   (b) Pangkalahatang Layunin/ Suliranin
   (c) Metodolohiya
   (d) Resulta at Diskusyon
   (e) Kongklusyon at Rekomendasyon

7. Ang isusumiteng abstrak ng pananaliksik ay may sumusunod na espesipikasyon:

| | | |
|---|---|---|
| (a) Sukat ng papel | : | A4 (21cm x 29.7cm) |
| (b) Oryentasyon | : | Portrait |
| (c) Font Style | : | Bookman Old Style |
| (d) Font Size | : | 11 |
| (e) Line Spacing | : | 1.5 |

8. Lakipan din ang abstrak ng maikling Pansariling Tala ng Mananaliksik na naglalaman ng kanilang (a) Pangalan, (b) Posisyon, (c) Paaralan, (d) Naabot na Edukasyon (Kurso sa Undergraduate, Masterado, Doktorado), at (e) Maikling pahayag ng kaniyang misyon/ bisyon sa pagtataguyod ng literasi sa mga mag-aaral.

9. Ang mungkahing template ng abstrak ay nakalarawan sa susunod na pahina:

(Heading ng Paaralan)
Panuruang Taon 2023-2024

**(KUMPLETONG PAMAGAT NG AKSIYONG PANANALIKSIK SA FILIPINO)**

(Pangalan ng Mananaliksik)
(Posisyon)


Abstrak



Mga Susing Salita:

_______________, _______________, _______________, _______________, _______________,

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

SEP 18 2023

Tanggapan ng Pansangay
na Tagapamanihala

SEP 18 2023

**MEMORANDUM PANSANGAY**

**REITERASYON NG MEMORANDUM PANSANGAY BLG. 82, s. 2023**
**MGA SUSUNOD NA HAKBANG SA PROYEKTONG TUKLAS**

Sa: Nanunungkulang Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala/
Punong Tagamasid, Sangay ng Pamamahala at mga Gawain ng Paaralan
Punong Tagamasid, Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum
Mga Pampublikong Punong-guro sa Elementarya at Sekondarya
Lahat ng Kinauukulan

1. Ipinababatid ng tanggapang ito ang reiterasyon ng Memorandum Pansangay Blg. 82, s. 2023 na may petsang Abril 4, 2023 at may pamagat na *Mga Susunod na Hakbang sa Proyektong TuKLaS (Tumpak na Kaalaman at Lapit Gamit ang Saliksik)* na bunga ng isinagawang Pandibisyong Pagsasanay sa Pagsulat ng Aksiyong Pananaliksik sa Filipino.

2. Itinatagubilin sa mga kalahok ang pagsusumite sa SDO ng mga pinagtibay na plano ng aksiyong pananaliksik na may lagda ng Pampaaralang Komite sa Pananaliksik gamit ang kalakip na pormularyo.

3. Ang mga panukalang aksiyong pananaliksik sa Filipino ng mga kalahok ay inaasahang ipatutupad ngayong Panuruang Taon 2023-2024 upang magsilbing interbensyon tungo sa pagpapaunlad at pagpapataas ng literasi ng mga mag-aaral.

4. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap at pagtupad sa Memorandum na ito.

**EVANGELINE P. LADINES CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng sumusunod na paksa:

LEARNING AREA, FILIPINO RESEARCH OR STUDIES

JABC / Reiterasyon ng Memorandum Pansangay Blg. 82, s. 2023 Mga Susunod na Hakbang sa Proyektong TuKLaS
302 Setyember 15, 2023

UN-2023-302



0918004

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

**Tanggapan ng Pansangay
na Tagapamanihala**

APR 04 2023

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 082 , s. 2023

**MGA SUSUNOD NA HAKBANG SA PROYEKTONG TUKLAS**

Sa: Nanunungkulang Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Punong Tagamasid, *Curriculum Implementation Division*
Punong Tagamasid, *School Governance and Operations Division*
Mga Pampublikong Punong-guro sa Elementarya at Sekondarya
Lahat ng Kinauukulan

1. Kaugnay ng isinagawang Proyektong TuKLaS *(Tumpak na Kaalaman at Lapit Gamit ang Saliksik)* noong Marso 4, 11, 18, 2023 sa SDO-Muntinlupa, ipinababatid sa mga kinauukulan ang mga susunod na hakbang bilang pagsubaybay sa mga planong aksiyong pananaliksik sa Filipino ng mga kalahok.

2. Itinatagubilin sa mga kalahok ang pagsasagawa ng mga hakbang bilang paghahanda at pagsasagawa ng mga ipinanukalang aksiyong pananaliksik sa Filipino para sa Panuruang Taon 2023-2024 na nakatuon sa iba't ibang *Domains of Literacy* sa Filipino.

3. Inaasahan ang pagsusumite ng mga pinagtibay na Plano ng Aksiyong Pananaliksik sa Filipino ng mga mananaliksik sa Hunyo 6, 2023 sa Tanggapan ng Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum.

4. Kalakip nito ang sumusunod:
Kalakip Blg. 1 – Mga Panukalang Paksa/ Pamagat ng Aksiyong Pananaliksik
Kalakip Blg. 2 – Iskedyul ng mga Susunod na Hakbang
Kalakip Blg. 3 – *Checklist for Evaluating Classroom Action Research (CAR) Title*

5. Hinihiling ang maagap na pagtalima sa Memorandum na ito.

**CARLEEN S. SEDILLA CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng sumusunod na paksa:

LANGUAGE LEARNING AREA, FILIPINO TRAINING PROGRAM

JABC / Mga Susunod na Hakbang sa Proyektong TUKLAS
082 Marso 31, 2023

NUM-2023-082

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave, Brgy Tunasan, Muntinlupa City
(02) 805-9935, (02) 805 - 9940
sdomuntinlupa@gmail.com

ISO 9001:2015 Certified No: 18.1519.026

0404012 082 1419

(Kalakip Blg. 1 sa Memorandum Pansangay Blg. 082 , s. 2023)

**MGA PANUKALANG PAKSA/ PAMAGAT NG AKSIYONG PANANALIKSIK SA FILIPINO**
*Para sa Panuruang Taon 2023-2024*

## A. Elementarya

| ***Domains of Literacy*** | ***Mananaliksik*** | ***Panukalang Paksa/ Pamagat*** |
|---|---|---|
| Reading Comprehension | **EDSEL B. BASILLA**<br>Bayanan ES-Main | *SULYAP: Sustenableng Lingap at Agapay sa Pagbasa ng mga Piling Mag-aaral sa Ikalimang Baitang* |
| Reading Comprehension | **MARICEL F. VELORIA**<br>F. De Mesa ES | *Ang Paggamit ng Talas-Salita sa Pagpapaunlad ng Komprehensyon ng mga Piling Mag-aaral sa Ikaapat na Baitang* |
| Vocabulary Development & Reading Comprehension | **ANNALYN R. ARIÑEZ**<br>Itaas ES | *Kabisaan ng Paggamit ng Word Wall sa Paglinang ng Talasalitaan sa mga Piling Mag-aaral sa Baitang 5* |
| Reading Comprehension | **MARY JOY F. HULAR**<br>Lakeview Integrated School | *Gawaing Pagbabasa Araw-araw sa Pagpapaunlad ng Pagkatuto sa Literatura ng mga Piling Mag-aaral sa Baitang 3* |
| Study Skills/ Strategies | **MARINEL D. BUTED**<br>Muntinlupa ES | *Kabisaan ng Paggamit ng ClassPoint.app sa Pagtuturo ng Filipino sa mga Piling Mag-aaral sa Baitang 6* |
| Vocabulary Development & Reading Comprehension | **HAZEL G. AMOR**<br>Putatan ES | *Kabisaan ng E.P.S. (Estruktural na Pagsusuri ng Salita) sa Paglinang ng Kritikal na Pag-iisip ng mga Mag-aaral sa Ikaanim na Baitang* |
| Writing and Composition | **MA. ELENA R. LICO**<br>Poblacion ES | *Iispel Mo!: Tugon sa Tumpak na Pagbabaybay ng mga Salita sa Filipino ng mga Piling Mag-aaral sa Ikaanim na Baitang* |
| Phonological Awareness | **MIA MYKA E. VILLANUEVA**<br>Soldiers' Hills ES | *Kabisaan ng Paggamit ng Claveria at Marungko Approach sa Paglinang ng Kakayahan sa Pagbasa ng mga Piling Mag-aaral* |
| Phonological Awareness | **AMADA A. BONIFACIO**<br>Victoria Homes ES | *BidBasa: Tugon sa Pagpapaunlad ng Kamalayang Ponolohikal ng mga Piling Mag-aaral sa Baitang 3* |
| Vocabulary Development | **MA. TERESA V. DE GUZMAN**<br>Alabang ES | *Paggamit ng Proyektong SIKAP sa Pagpapaunlad ng Bokabularyo ng mga Piling Mag-aaral sa Ikalimang Baitang* |
| Oral Language/ Phonological Awareness | **RICA A. TOQUE**<br>Bayanan ES-Unit I | *Kabisaan ng Paggamit ng Pagtuturo batay sa Ponolohiya sa PAgpapaunlad ng Kasanayan sa Pagbasa sa Filipino ng mga Piling Mag-aaral sa Baitang 3* |

| | | |
|---|---|---|
| Phonological Awareness | **DR. ESTELITA A. SAGUN**<br>Bagong Silang ES | *Kabisaan ng Pag-awit Gamit ang Awdyo-Biswal sa Pagkatutong Bumasa sa Baitang 3* |
| Reading Comprehension | **ERLIE A. MANZO**<br>Cupang ES-Main | *Kabisaan ng Paggamit ng Interaktibong Presentasyon sa PowerPoint sa Pagpapaunlad ng Pang-unawa sa Pagbasa ng mga Piling Mag-aaral sa Baitang 3* |
| Reading Comprehension | **ERMA A. BALAGBIS**<br>Cupang ES-Annex | *Proyektong PAGBASA (Pagbasa'y Bigyang Atensyon, Solusyon at Aksiyon): Inobasyon sa Pagpapaunlad ng Antas ng Pagbasa na may Pang-unawa sa mga Piling Mag-aaral sa Baitang 3* |
| Reading Comprehension | **LEAH S. HERNANDEZ**<br>Filinvest Alabang ES | *HAPLOS: Hamon sa Aktibong Pagbabasa Lingap Oras sa Suliranin sa Pag-unawa ng Binasang Teksto ng mga Piling Mag-aaral sa Baitang 6* |
| Reading Comprehension | **JENELYN M. BAIT**<br>Sucat ES-Main | *Paglinang ng Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino at Antas ng Komprehensyon sa Pagbabasa ng mga Mag-aaral sa Ikaanim na Baitang* |
| Reading Comprehension | **MELODY G. LOZADA**<br>Sucat ES – Sitio Pagkakaisa Annex Zone 3 | *Paggamit ng Pangkatang Pagbasa sa Pagkakaroon ng Kasanayan sa Pagbasang May Pag-unawa sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikalawang Baitang* |
| Reading Comprehension | **LORENA E. ESTIGOY**<br>Sucat ES – Sitio Pagkakaisa Annex Zone 4 | *Kabisaan ng Estratehiyang Sama-samang Pagkatuto bilang Pagpapaunlad ng Maunawang Pagbabasa ng mga Piling Mag-aaral sa Ikalimang Baitang* |

**B. Sekondarya (Junior High School)**

| ***Domains of Literacy*** | ***Mananaliksik*** | ***Panukalang Paksa/ Pamagat*** |
|---|---|---|
| Attitude towards language, literacy and literature | **JON CHRISTIAN MEJOS**<br>Muntinlupa NHS | *USAL 2.0 (Unang Salita Aktibong Lunsaran): Tugon sa Kawalang Interes sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Baitang 10* |
| Vocabulary Development & Reading Comprehension | **MELANIE D. SAPLAGIO**<br>Poblacion NHS | *Kabisaan ng Flashcard-Bokabularyo tungo sa Maunawang Pagbasa (FB-Basa) bilang Interbensiyon sa mga Mag-aaral na nasa Lebel ng Pagkabigo mula sa Baitang 9* |
| Writing and Composition | **JESSAH MAE E. SANCHEZ**<br>Tunasan NHS | *Proyektong LIKAS (Likhang Akademikong Sulatin): Kabisaan sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Makrong Kasanayan sa Pagsulat ng mga Piling Mag-aaral sa Baitang 9* |

| | | |
|---|---|---|
| Study Strategies | **MARIA JENNY LIZ H. MALIJAN**<br>Muntinlupa Science HS | *PAF (Psychological Activities in Filipino): Isang Interbensiyong Magpapabuti sa Kalagayang sa Kalusugang Pangkaisipan at Pananaw ng mga Piling Mag-aaral sa Baitang 9* |
| Listening & Reading Comprehension | **GIRLIE S. FORTES**<br>Muntinlupa Business HS-Main | *KALINGAP: Kaunlaran sa Paglinang, Aksiyon Pagbasa sa Piling Mag-aaral sa Baitang 8.* |
| Vocabulary Development | **JAWORSKY V. CARANI**<br>Muntinlupa Business HS – Sucat Annex | *Kabisaan ng Paggamit ng Talasalitaan sa Paglinang ng Pag-unawa ng mga Piling Mag-aaral* |
| Reading Comprehension | **DR. BRENDA A. ESCOPETE**<br>Pedro E. Diaz HS | *Teksto Mo, Ibahagi Mo: Pagbasang Pamamaraan sa Paglinang sa Kakayahang Umunawa ng Iba't Ibang Teksto ng mga Mag-aaral sa Baitang 8* |
| Writing and Composition | **ANTHONY J. ARCIAGA**<br>Lakeview Integrated School | *SulKas (Sulating Pangwakas): Isang Interbensiyong Magpapabuti sa Kasanayan sa Pagsulat at Epektibong Komposisyon ng mga Piling Mag-aaral sa Baitang 8* |

**C. Sekondarya (Senior High School)**

| ***Domains of Literacy*** | ***Mananaliksik*** | ***Panukalang Paksa/ Pamagat*** |
|---|---|---|
| Writing and Composition | **PINKY OL. GOMEZ**<br>Muntinlupa NHS | *Antas ng Kamalayan at Kasanayan ng mga Mag-aaral sa General Academic Strand (GAS) sa Pagsulat ng Pananaliksik sa Filipino: Batayan sa Pagbuo ng Modyul sa Pananaliksik* |
| Attitude towards language, literacy and literature | **EDILBERTO B. BAUTISTA**<br>Tunasan NHS | *Paggamit ng mga Makabuluhang Estratehiya sa Pagbabalik ng Pagkahilig ng mga Mag-aaral ng Humanities and Social Sciences (HumSS) sa Pagbabasa ng Teksto* |
| Writing and Composition | **IRENE M. GARCIA**<br>Muntinlupa Science HS | *Kabisaan ng Estratehiyang PLUMA sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagsulat ng Akademikong Sulatin ng mga Piling Mag-aaral sa Baitang 12 Accountancy, Business and Management (ABM)* |
| Writing and Composition | **KAREN S. DOBLIN**<br>Cupang Senior HS | *Kabisaan ng Paggamit ng Portfolio sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagtuturo ng Akademikong Pagsulat sa mga Piling Mag-aaral sa General Academic Strand (GAS)* |

**D. Alternative Learning System (ALS)**

| *Domains of Literacy* | *Mananaliksik* | *Panukalang Paksa/ Pamagat* |
|---|---|---|
| Vocabulary Development | **SUZETTE C. ALMEIDA**<br>ALS Center Bayanan | *Word Network: Pamamaraan sa Pagpapalawak ng Talasalitaan ng mga Mag-aaral sa Alternative Learning System Bayanan* |

(Kalakip Blg. **2** sa Memorandum Pansangay Blg. 082, s. 2023)

**ISKEDYUL NG MGA SUSUNOD NA HAKBANG**

*(Para sa mga Panukalang Aksiyong Pananaliksik sa Filipino)*

| Gawain | Iskedyul | Nakatalaga | Output ng Gawain |
|---|---|---|---|
| Paglalabas ng Memorandum Pansangay ng mga Susunod na Hakbang | Abril 2023 | • SDS<br>• EPS, Filipino | • Memorandum Pansangay |
| Pagsusumite ng Mananaliksik sa Panukalang Plano ng Aksiyong Pananaliksik sa Filipino sa *School Research Committee (SRC)* | Abril 2023 | • Mananaliksik<br>• *School Research Committee (SRC)* | • Liham ng Pagsusumite |
| Ebalwasyon at Sertipikasyon ng Plano ng Panukalang Aksiyong Pananaliksik sa Filipino | Mayo 2023 | • *School Research Committee (SRC)* | • CAR-ME FORM NO. 1 (SRC Copy) |
| Pagsusumite ng mga Pinagtibay na Plano sa SDO | Hunyo 6, 2023 | • Tanggapan ng Punong-guro | • Indorsement<br>• Pinagtibay na Plano<br>• CAR ME Form No. 1 |
| Paglalagom sa mga Pinagtibay na Plano sa Aksiyong Pananaliksik sa Filipino | Hunyo 12-16, 2023 | • EPS, Filipino | • Lagom ng mga Pinagtibay na Plano |
| Implementasyon ng Aksiyong Pananaliksik sa Filipino | P.T. 2023-2024 | • Mananaliksik | • Mga Ulat ng Monitoring at Ebalwasyon |
| Pagsulat ng mga Abstrak at Pagsusumite ng Sip isa SDO | TBA | • Mananaliksik | • Abstrak ng mga Aksiyong Pananaliksik sa Filipino |
| Pagbuo ng Dyornal ng mga Aksiyong Pananaliksik sa Filipino | TBA | • Lupon ng Tagasuri | • Unang Borador ng Dyornal sa Filipino |
| Editing ng Dyornal ng mga Aksiyong Pananaliksik sa Filipino | TBA | • Lupon ng Tagasuri | • Naisapinal na Dyornal ng mga Aksiyong Pananaliksik |
| Pagsusumite at Sertipikasyon ng *Schools Division Research Committee (SDRC)* | TBA | • *Schools Division Research Committee (SDRC)* | • Sertipikasyon mula sa SDRC |

(Kalakip Blg. **3** sa Memorandum Pansangay Blg. 082, s. 2023)

## CHECKLIST FOR EVALUATING CLASSROOM ACTION RESEARCH (CAR) TITLE

*(Batay sa Division Memorandum No. 246, s. 2022 na may petsang November 2, 2022 at pamagat na Timeline of Activities for the Conduct of Classroom Action Research (CAR) for School Year 2022-2023)*

Enclosure No. 8

**CAR-ME FORM NO. 1 (SRC Copy)**

### CHECKLIST FOR EVALUATING CLASSROOM ACTION RESEARCH (CAR) TITLE

Name of Teacher :

Name of School:

CAR Title:

Please respond to the following questions by checking Yes or No or providing the appropriate remarks.

| A. ACTION RESEACH TITLE | | Yes | No | Output/Remarks |
|---|---|---|---|---|
| | 1. Has been presented to the School Research Committee (SRC) | | | |
| | 2. Shows responsiveness to real classroom-based situation | | | |
| | 3. Specify a problem | | | |
| | 4. Indicates a proposed solution | | | |
| | 5. States the selected participants in the study | | | |
| | | | | |

Checked by:

SRC Member　　　　SRC Member

SRC Member　　　　SRC Member

SRC Co-Chair　　　　SRC Chair

SRC Adviser

Noted by:

Teacher-Researcher